

Organisadong Sistema ng
Paghahatid ng Drug Medi-Cal

Espesyal na Serbisyo sa
Kalusugan ng Pag-iisip

Paggaling
ay posible!



Los Angeles County

Serbisyo sa Pangkalusugan sa Paguugali
Handbook ng Miyembro

Enero 2025 | Bersyon 1.0

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (SAPC) - 1000 South Fremont Avenue, A-9 East, Box #34, Alhambra, CA 91803

Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-iisip - 510 South Vermont Avenue, Los Angeles, CA 90020

800-854-7771 (24/7)

ADENDA

MAGAGAMIT NA MGA KARAGDAGANG SERBISYO SA KARAMDAMAN SA PAGGAMIT NG IPINAGBABAWAL NA GAMOT

Tradisyonal na mga Pamamaraan para sa Pangangalagang Kalusugan

- Ang mga tradisyunal na pamamaraan sa pangangalagang pangkalusugan ay inaasahan na mapapabuti ang pagkakaroon ng akses sa pagtugon sa pangangalagang angkop sa kultura; Suporta sa mga kakayahang ito ng mga pasilidad na maglingkod sa kanilang mga pasyente; mapanatili at masustenahan ang kalusugan; mapabuti ang mga resulta ng kalusugan at ang kalidad at karanasan ng pangangalaga; at mabawasan ang kasalukuyang hindi pagkakapantay-pantay sa pagkakaroon ng akses sa pangangalaga.
- Sinasaklaw ng mga tradisyunal na pamamaraan sa pangangalagang pangkalusugan ang dalawang bagong uri ng serbisyo: mga Serbisyo ng Tradisyunal na Manggagamot at mga Serbisyo ng Likas na Tagapagkalinga (Natural Helper). Kabilang sa mga serbisyo ng Tradisyunal na Manggagamot ang terapiyang therapy (tulad ng tradisyunal na musika at mga awitin, sayaw, pagtugtog ng tambol), espirituwalidad (tulad ng mga seremonya, ritwal, halamang-gamot) at iba pang pinagsanib na pamamaraan. Ang mga serbisyo ng Likas na Tagapagkalinga ay maaaring tumulong sa pagbibigay ng gabay (navigational) na suporta, pagbuo ng mga kakayahang sikososyal/panglipunang sikolohika (psychosocial), sariling pamamahala, at suporta sa matinding pinsalang pangkaisipan (trauma).
- Kontakin ang inyong county gamit ang numero ng telepono sa pabalat ng muntaklat (handbook cover) na ito para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa serbisyong ito.

MGA TAGLINE NG WIKA

English Tagline

ATTENTION: If you need help in your language call 1-800-854-7771 (TTY: 711). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-800-854-7771 (TTY: 711). These services are free of charge.

الشعار بالعربية (Arabic)

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ 1-800-854-7771 (TTY: 711). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريـل والخط الكبير. اتصل بـ 1-800-854-7771 (TTY: 711). هذه الخدمات مجانية.

Հայերեն պիտակ (Armenian)

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք 1-800-854-7771 (TTY: 711): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Չանգահարեք 1-800-854-7771 (TTY: 711): Այդ ծառայություններն անվճար են:

ឃ្លាសម្គាល់ជាភាសាខ្មែរ (Cambodian)

ចំណាំ: បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-800-854-7771 (TTY: 711)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរធំ សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ 1-800-854-7771 (TTY: 711)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

简体中文标语 (Chinese)

请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 1-800-854-7771 (TTY: 711)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如盲文和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 1-800-854-7771 (TTY: 711)。这些服务都是免费的。

مطلب به زبان فارسی (Farsi)

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با 1-800-854-7771 (TTY: 711) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با 1-800-854-7771 (TTY: 711) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

¹ Dapat ibigay ang handbook sa oras na unang mag-access ng mga serbisyo ang miyembro.

हिंदी टैगलाइन (Hindi)

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-800-854-7771 (TTY: 711) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। 1-800-854-7771 (TTY: 711) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।

Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau 1-800-854-7771 (TTY: 711). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau 1-800-854-7771 (TTY: 711). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語表記 (Japanese)

注意日本語での対応が必要な場合は 1-800-854-7771 (TTY: 711)へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 1-800-854-7771 (TTY: 711)へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 태그라인 (Korean)

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 1-800-854-7771 (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. 1-800-854-7771 (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

ແທກໄລພາສາລາວ (Laotian)

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໃຫ້ທາດປີ 1-800-854-7771 (TTY: 711). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ແລະ ຄົນເສຍສາຍທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມີໂຕພິມໃຫຍ່ ໃຫ້ໃຫ້ທາດປີ 1-800-854-7771 (TTY: 711). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mien Tagline (Mien)

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux 1-800-854-7771 (TTY: 711). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hluc mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx 1-800-854-7771 (TTY: 711). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-854-7771 (TTY: 711). ਅਪਾਰਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-854-7771 (TTY: 711)। ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

Русский слоган (Russian)

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру 1-800-854-7771 (линия TTY: 711). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру 1-800-854-7771 (линия TTY: 711). Такие услуги предоставляются бесплатно.

Mensaje en español (Spanish)

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al 1-800-854-7771 (TTY: 711). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al 1-800-854-7771 (TTY: 711). Estos servicios son gratuitos.

Tagalog Tagline (Tagalog)

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-800-854-7771 (TTY: 711). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa 1-800-854-7771 (TTY: 711). Libre ang mga serbisyong ito.

แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai)

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-854-7771 (TTY: 711) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-854-7771 (TTY: 711) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

Примітка українською (Ukrainian)

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер 1-800-854-7771 (TTY: 711). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер 1-800-854-7771 (TTY: 711). Ці послуги безкоштовні.

Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese)

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số 1-800-854-7771 (TTY: 711). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số 1-800-854-7771 (TTY: 711). Các dịch vụ này đều miễn phí.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

IBA PANG WIKA AT FORMAT	5
IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN NG COUNTY	6
LAYUNIN NG HANDBOOK NA ITO	8
IMPORMASYON SA MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI	9
PAG-ACCESS SA MGA SERBISYOSA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI	12
PAGPILI NG PROVIDER	20
ANG IYONG KARAPATAN NA I-ACCESS ANG MGA REKORD NG KALUSUGAN NG PAG-UGALI AT IMPORMASYON NG DIREKTORYO NG PROVIDER GAMIT ANG MGA SMART DEVICE	23
SAKLAW NG MGA SERBISYO	24
AVAILABLE NA SERBISYO SA PAMAMAGITAN NG TELEPHONE O TELEHEALTH	42
ANG PROSESONG PAGSOLUSYON NG PROBLEMA: PARA MAGSAMPA NG KARAINGAN, APELA, O HUMILING NG MAKATARUNGANG PAGDINIG NG ESTADO	43
PAUNANG DIREKTIBA	53
MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD	55
ABISO SA WALANG-DISKRIMINASYON	64

IBA PANG WIKA AT FORMAT

Iba pang wika

Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-800-854-7771 (TTY: 711). May mga magagmit na tulong at serbisyo din para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malalaking letra. Tumawag sa 1-800-854-7771 (TTY: 711). Libre ang mga serbisyong ito.

Iba pang format

Makukuha mo ang impormasyong ito sa iba pang porma, tulad ng braille, 20 point font malaking sulat, pandinig, at maa-access na mga elektronikong porma na libre. Tumawag sa numero ng telepono ng county na nakalista sa pabalat ng handbook na ito (TTY: 711). Libre ang tawag.

Mga Serbisyo ng Interpreter

Nagbibigay ang county ng mga serbisyo ng oral interpretation sa tulong ng kwalipikadong interpreter, 24 na oras, nang walang bayad. Hindi mo kailangang gumamit ng miyembro ng pamilya o kaibigan bilang interpreter. Hindi namin hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad bilang interpreter, maliban kung emergency ito. Mayroon ang serbisyo ng interpreter, lingguwistiko at kultural nang walang bayad. Magagamit sa loob ng 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa wika o para makakuha ng handbook na ito sa ibang wika, tumawag sa numero ng telepono ng county na nakalista sa pabalat ng handbook na ito (TTY: 711). Libre ang tawag.

IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN NG COUNTY

Narito kami para tumulong. Makakatulong sa iyo ang sumusunod na impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa county para makuha ang mga serbisyong kailangan mo.

Tulong sa County ng Los Angeles para sa Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip at Paggamit ng Sangkap

Telepono: (800) 854-7771, Magagamit 24 oras sa isang araw/ 7 araw sa isang linggo

Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-iisip sa County ng Los Angeles

Website: <https://dmh.lacounty.gov>

Direktoryo ng Provider: <https://dmh.lacounty.gov/pd>

Access ng Pasyente sa Application Programming Interfaces (APIs):

<https://dmh.lacounty.gov/our-services/access-your-medical-records/patientaccess/>

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa Pag-iwas at Pagkontrol ng Paggamit ng Sangkap ng County ng Los Angeles

Website: <http://publichealth.lacounty.gov/sapc>

Direktoryo ng Provider: <https://sapccis.ph.lacounty.gov/sbat>

Access ng Pasyente sa Application Programming Interfaces (APIs)

<https://dph-sapc-pax-app-prod.azurewebsites.net/swagger/index.html>

Sino ang Dapat Kong Kontakin Kung Naiisip Kong Magpakamatay?

Kung may pinagdaraan ka o ang kakilala mo, pakitawagan ang 988 Suicide and Crisis Lifeline sa **988** o sa National Suicide Prevention Lifeline sa **1-800-273-TALK (8255)**. Available ang chat sa <https://988lifeline.org/>.

Para ma-access ang lokal na mga programa, pakitawagan ang 24/7 Access Line na nakalista sa itaas.

California Youth Crisis Line

www.youthcrisisline.org

(800) 843-5200

Ibinibigay na 24 oras na tulong sa wika

Hotline ng Serbisyon Pantao ng County ng Los Angeles

<http://www.211la.org>

I-dial ang “211”

Ibinibigay na 24 oras na tulong sa wika

The Soldiers Project

www.thesoldiersproject.org

(877) 576-5343

The Trevor Project

<http://www.thetrevorproject.org>

1-866-4-U-TREVOR (1-866-488-7386)

LAYUNIN NG HANDBOOK NA ITO

Bakit mahalagang basahin ang handbook na ito?

May plano sa kalusugan sa pag-iisip ang iyong county na nag-aalok ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kilala bilang "espesyalidad na mga serbisyo sa kalusugan ng isip". Bukod pa rito, may Drug Medi-Cal Organized Delivery System ang iyong county na nagbibigay ng mga serbisyo para sa paggamit ng alak o droga, na kilala bilang "mga serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng sangkap." Kapag pinagsama-sama, kilala ang mga serbisyong ito bilang "mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali", at mahalagang may impormasyon ka tungkol sa mga serbisyong ito para makuha mo ang pangangalagang kailangan mo. Ipinaliliwanag ng handbook na ito ang mga benepisyo mo at kung paano makakuha ng pangangalaga. Sasagutin din nito ang marami sa mga katanungan mo.

Matututunan mo:

- Paano makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng iyong county.
- Ano ang mga benepisyong maa-access mo.
- Ano ang gagawin kung may tanong o problema ka.
- Ang mga karapatan at responsibilidad mo bilang miyembro ng iyong county.
- Kung may karagdagang impormasyon tungkol sa iyong lalawigany, na puwedeng ipahiwatig sa dulo ng handbook na ito.

Kung hindi mo mababasa ang handbook na ito ngayon, itago mo ito para mabasa sa ibang pagkakataon. Dapat magamit ang handbook na ito kasama ang aklat na nakuha mo noong nag-sign up ka para sa imga benepisyo mo sa Medi-Cal. Kung may anumang katanungan ka tungkol sa mga benepisyo mo sa Medi-Cal, tawagan ang county gamit ang numero ng telepono sa harap ng aklat na ito.

Saan Ako Puwedeng Pumunta para sa Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Medi-Cal?

Bitatahan ang website ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/Beneficiaries.aspx> para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medi-Cal.

IMPORMASYON SA MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

Paano Masasabi kung Nangangailangan Ka o ang Kakilala Mo ng Tulong?

Maraming tao ang dumaranas ng mahihirap na panahon sa buhay at puwedeng makaranas ng problema sa kalusugan ng pag-iisip o paggamit ng sangkap. Ang pinakamahalagang bagay na dapat tandaan ay may available na tulong. Kung kwalipikado ka o ang miyembro ng iyong pamilya para sa Medi-Cal at kailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, dapat mong tawagan ang 24/7 Access Line na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Puwede ka ring tulungan ng iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga para makipag-ugnayan sa iyong county kung naniniwala sila na nangangailangan ka o ang miyembro ng pamilya mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na hindi sakop ng pinamamahalaang plano ng pangangalaga. Tutulungan ka ng iyong lalawigan na makahanap ng provider para sa mga serbisyong maaaring kailanganin mo.

Makakatulong sa iyo ang listahan sa ibaba na magpasya kung nangangailangan ka o ang miyembro ng pamilya ng tulong. Kung nararanasan ang higit sa isang senyales o nangyayari sa loob ng mahabang panahon, maaaring palatandaan ito ng mas malubhang problema na nangangailangan ng propesyonal na tulong. Narito ang ilang karaniwang senyales na baka kailanganin mo ng tulong para sa kondisyon sa kalusugan sa pag-iisip o kondisyon sa paggamit ng sangkap:

Mga Iniisip at Nararamdaman

- Matinding pagbabago sa nararamdaman , na posibleng walang dahilan, tulad ng:
 - Sobrang pag-aalala, pagkabalisa, o pagkatakot
 - Sobrang lungkot o walang gana
 - Napakabuti ng pakiramdam, napakasaya
 - Laging iritado o galit na sobrang tagal
- Nag-iisip tungkol sa pagpapakamatay
- Nagtutuon lang sa pagkuha at paggamit ng alak o mga droga
- Mga problema sa pokus, memorya o lohikal na pag-iisip at pananalita na mahirap ipaliwanag
- Mga problema sa naririnig, nakikita, o nakadarama ng mga bagay na mahirap ipaliwanag o sinasabi ng karamihan na hindi umiiral

Pisikal

- Maraming pisikal na probleman, posibleng walang malinaw na mga dahilani, tulad ng:
 - Pananakit ng ulo
 - Pananakit ng tiyan
 - Pagtulog ng sobra o masyadong kulang
 - Pagkain ng sobra o Imasyadong kaunti
 - Hindi makapagsalita nang malinaw
- Kapansin-pansing or upang tanggihan ang hitsura/ pagbabago sa hitsura o sobrang pag-aalala sa hitsura, tulad ng:
 - Biglaang pagbaba o pagtaas ng timbang
 - Mapulang mga mata at hindi pangkaraniwang malalaking pupil
 - Hindi magandang amoy ng hininga, katawan, o damit

Pag-uugali

- Pagkakaroon ng mga kahihinatnan mula sa iyong pag-uugali dahil sa mga pagbabago sa kalusugan ng iyong isip o pag-inom ng alak o paggamit ng droga, tulad ng:
 - Pagkakaroon ng mga isyu sa trabaho o paaralan
 - Problema sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao, pamilya, o kaibigan
 - Nakakalimutan ang iyong mga pangako
 - Hindi kayang isagawa ang karaniwang pang-araw-araw na gawain
- Pag-iwas sa mga kaibigan, pamilya, o gawaing panlipunan
- Pagkakaroon ng malihim na pag-uugali o lihim na pangangailangan sa pera
- Pagkasangkot sa legal na sistema dahil sa mga pagbabago sa iyong kalusugan sa pag-iisip o pag-inom ng alak o paggamit ng droga, tulad ng:

Mga Miyembrong Wala pang 21 Taong Gulang

Paano Ko Malalaman Kung Kailangan ng Bata o Binatilyo/Dalagita ng Tulong?

Puwede kang makipag-ugnayan sa iyong county o pinamamahalaang plano ng pangangalaga para sa pag-screen at pagsusuri sa iyong anak o sa binatilyo/dalagita kung sa palagay mo nagpapakita sila ng mga senyales ng kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali. Kung kwalipikado ang iyong anak o binatilyo/dalagita para sa Medi-Cal at sa pag-screen o ipinakikita ng pagtatasa na ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay kailangan, pagkatapos isasaayos ng lalawigan na makatanggap ang iyong

anak o binatilyo/dalagita ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Makakatulong din sa iyo ang iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga na makipag-ugnayan sa iyong lalawigan kung naniniwala silang nangangailangan ang iyong anak o binatilyo/dalagita ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na hindi saklaw ng pinamamahalaang plano ng pangangalaga. Mayroon ding mga available na serbisyot para sa mga magulang na nakakaramdam ng pagkabalisa sa pagiging isang magulang.

Maaaring hindi kailanganin ng mga menor de edad na 12 taong gulang o mas matanda ang pahintulot ng magulang para makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng outpatient o mga serbisyong pangtirahan kung naniniwala ang propesyonal na tagapag-alaga na may-gulang na ang menor de edad para lumahok sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali o mga serbisyong pangtirahan. Maaring hindi kailanganin ng mga menor de edad na 12 taong gulang o mas matanda, ng pahintulot ng magulang para makatanggap ng pangangalagang medikal at pagpapayo para gamutin ang problemang nauugnay sa sakit sa paggamit ng sangkap. Ang paglahok ng magulang o tagapag-alaga ay kinakailangan maliban kung nagpasiya ang propesyonal na tagapag-alaga na magiging hindi naaangkop ang kanilang pagkakasangkot pagkatapos kusultahin ang menor de edad.

Ang listahan sa ibaba ay makakatulong sa iyo na magpasya kung nangangailangan ng tulong ang iyong anak o binatilyo/dalagita. Kung may higit sa isa ang senyales o nananatili sa mahabang panahon, maaaring may mas malubhang problema ang iyong anak o binatilyo/dalagita na nangangailangan ng propesyonal na tulong. Narito ang ilang mga senyales na dapat bantayan:

- Maraming problema sa pagbibigay pansin o pananatiling nakatigil, na naglalagay sa kanila sa pisikal na panganib o nagdudulot ng mga problema sa paaralan
- Matinding pag-aalala o pagkatakot na humahadlang sa pang-araw-araw na gawain
- Biglang matinding takot nang walang dahilan, minsan may mabilis na tibok ng puso o mabilis na paghinga
- Nakakaramdam ng labis na kalungkutan o lumalayo sa iba sa loob ng dalawa o higit pang linggo, na nagdudulot ng mga problema sa pang-araw-araw na gawain
- Matinding pagbabago sa mood na nagdudulot ng mga problema sa mga pakikipag-ugnayan
- Malaking pagbabago sa ugali

- Hindi pagkain, pagsusuka, o paggamit ng gamot para maging sanhi ng pagbaba ng timbang
- Paulit-ulit na paggamit ng alak o droga
- Malubha, hindi makontrol na pag-uugali na puwedeng saktan ang sarili o ang iba
- Mga seryosong plano o pagtatangkang saktan o patayin ang sarili
- Paulit-ulit na mga away, paggamit ng sandata, o seryosong plano para saktan ang iba

PAG-ACCESS SA MGA SERBISYOSA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

Paano Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali?

Kung sa tingin mo kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali tulad ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at/o mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng sangkap, puwede mong tawagan ang iyong lalawigan gamit ang numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Sa sandaling makipag-ugnayan ka sa county, makakatanggap ka ng pag-screen at maiiskedyul para sa appointment para sa pagtatasa.

Puwede ka ring humiling ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga kung miyembro ka. Kung matukoy ng pinamamahalaang plano ng pangangalaga na natutugunan mo ang mga pamantayan sa pag-access para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, tutulungan ka ng pinamamahalaang plano ng pangangalaga na makakuha ng pagtatasa para makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng iyong county. Sa huli, walang maling paraan para makakuha ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Puwede ka ring makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga bilang karagdagan sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng iyong county. Maa-access mo ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng iyong providery ng kalusugan sa pag-uugali kung matukoy ng iyong provider na klinikal na naaangkop ang mga serbisyo para sa iyo at hangga't magkaugnay at hindi magkapareho ang mga serbisyong iyon.

Bilang karagdagan, tandaan ang sumusunod:

- Puwede kang i-refer sa iyong lalawigan para sa mga serbisyo sa kalusugan ng

pag-uugali ng ibang tao o organisasyon, kabilang ang iyong pangkalahatang practitioner/doktor, paaralan, miyembro ng pamilya, tagapag-alaga, iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga, o iba pang ahensya ng county.

Karaniwan, kakailanganin ng iyong doktor o ng pinamamahalaang plano ng pangangalaga ang iyong pahintulot o ang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga ng bata, para direktang gawin ang referral sa county, maliban kung may emergency.

- Puwedeng hindi tanggihan ng iyong county ang kahilingan na gumawa ng paunang pagtatasa para matukoy kung natutugunan mo ang pamantayan para sa pagtanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Puwedeng ibigay ng county o ng iba pang mga provider na kinokontrata ng county ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali (tulad ng mga klinika, sentro ng paggamot, organisasyong nakabatay sa komunidad, o indibidwal na provider).

Saan Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali?

Puwede kang makakuha ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa county kung saan ka nakatira, at sa labas ng iyong county kung kinakailangan. May mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ang bawat lalawigan para sa mga bata, kabataan, nasa hustong gulang, at mas matatanda. Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, karapat-dapat ka para sa karagdagang coverage at mga benepisyo sa ilalim ng Maaga at Panapanahong Pagsusuri, Diagnostic, at Paggamot. Tingnan ang seksyong “Maaga at Panapanahong Pag-screen, Diagnostic, at Paggamot” ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon.

Tutulungan ka ng iyong lalawigan na makahanap ng provider na makakapagbigay sa iyo ng pangangalagang kailangan mo. Kailangang i-refer ka ng county sa provider na pinakamalapit sa iyong tahanan, o sa loob ng pamantayan na oras o distansya na tutugon sa iyong mga pangangailangan.

Kailan Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali?

Kailangang matugunan ng iyong lalawigan ang mga pamantayan sa oras ng appointment kapag nag-iiskedyul ng serbisyo para sa iyo. Para sa mga serbisyo sa kalusugan pag-iisip, dapat mag-alok sa iyo ng appointment ang county:

- Sa loob ng 10 araw ng negosyo ng iyong hindi agarang kahilingan para simulan ang mga serbisyo sa plano sa kalusugan ng pag-iisip;

- Sa loob ng 48 oras kung humiling ka ng mga serbisyo para sa isang agarang kondisyon;
- Sa loob ng 15 araw ng negosyo ng iyong hindi agarang kahilingan para sa appointment sa psychiatrist; at,
- Sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa paunang appointment para sa mga hindi agarang follow up na appointment para sa mga kasalukuyang kondisyon.

Para sa mga serbisyo ng karamdaman sa paggamit ng sangkap, dapat kang alukan ng appointment ng county.

- Sa loob ng 10 araw ng negosyo ng iyong hindi agarang kahilingan na magsimula ng mga serbisyo sa provider ng serbisyo para sa karamdaman sa paggamit ng sangkap para sa serbisyong outpatient at intensive outpatient;
- Sa loob ng 3 araw ng negosyo mula sa iyong kahilingan para sa mga serbisyo ng Programa sa Paggamot ng Narkotiko;
- Ang follow-up na hindi agarang appointment sa loob ng 10 araw kung sumasailalim ka sa kurso ng paggamot para sa patuloy na karamdaman sa paggamit ng sangkap, maliban sa ilang partikular na kaso na tinukoy ng provider ng paggamot.

Gayunpaman, maaaring mas mahaba ang mga oras na ito kung nagpasiya ang iyong provider na medikal na naaangkop at hindi nakakapinsala sa iyong kalusugan ang mas mahabang oras ng paghihintay. Kung sinabi sa iyo nainilagay ka sa waitlist at pakiramdam na anakakapinsala sa iyong kalusugan ang haba ng oras, makipag-ugnayan sa iyong lalawigan sa numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. May karapatan kang magsampa ng karaingan kung hindi ka nakatanggap ng napapanahong pangangalaga. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paghahain ng karaingan, tingnan ang seksyong "Ang Proseso ng Karaingan" ng handbook na ito.

Sino ang Magpapasya Kung Aling Mga Serbisyo ang Matatanggap Ko?

Ikaw, ang iyong provider, at ang lalawigan ay kasangkot lahat sa pagpapasya kung anong mga serbisyo ang kailangan mong matanggap. Makikipag-usap sa iyo ang propesyonal sa kalusugan ng pag-uugali at tutulong na matukoy kung anong uri ng mga serbisyo ang kailangan.

Hindi mo kailangang malaman kung mayroon kang diagnosis sa kalusugan ng pag-uugali o partikular na kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali para humingi ng tulong. Makakatanggap ka ng ilang serbisyo habang kinukumpleto ng iyong provider ang pagtatasa.

Kung wala ka pang 21 taong gulang, puwede mo ring ma-access ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali kung mayroon kang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali dahil sa trauma, pagkakasangkot sa sistema ng kapakanan ng bata, pagkakasangkot sa hustisya ng kabataan, o kawalan ng tirahan. Bukod pa rito, kung wala pang 21 taong gulang, dapat magbigay ang county ng mga serbisyong medikal na kinakailangan para matulungan ang iyong kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o nagpapagaan ng kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali ay itinuturing na medikal na kinakailangan.

Maaaring mangailangan ng paunang pahintulot mula sa county ang ilang mga serbisyo. Kabilang sa mga serbisyong nangangailangan ng paunang awtorisasyon ang Intensive Home-Based Services, Day Treatment Intensive, Day Rehabilitation, Therapeutic Behavioral Services, Therapeutic Foster Care at Substance Use Disorder Residential Services. Puwede kang humingi sa county ng karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng paunang awtorisasyon nito. Tawagan ang iyong lalawigan gamit ang numero ng telepono sa pabalat ng handbook na ito para humiling ng karagdagang impormasyon.

Ang proseso ng awtorisasyon ng county ay dapat sumunod sa mga partikular na timeline.

- Para sa karaniwang awtorisasyon sa sakit sa paggamit ng sangkap, dapat magpasya ang county sa kahilingan ng iyong provider sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo.
 - Kung humiling ka o ang iyong provider, o kung sa tingin ng county na para ito sa iyong interes na makakuha ng higit pang impormasyon mula sa iyong provider, puwedeng pahabain ang timelinehanggang sa isa pang 14 na araw sa kalendaryo. Ang halimbawa kung kailan puwedeng maging pabor sa iyo ang ekstensiyon ay kapag naniniwala ang county na puwedeng maaprubahan nito ang kahilingan ng iyong provider para sa awtorisasyon kungmay karagdagang impormasyon ang county mula sa iyong provider at kailangang tanggihan ang kahilingan kung wala ang impormasyon. Kung palawigin ng county ang timeline, padadalhan ka ng

county ng nakasulat na paunawa tungkol sa ekstensiyon.

- Para sa karaniwang paunang awtorisasyon sa kalusugan ng pag-iisip, dapat magpasya ang lalawigan batay sa kahilingan ng iyong provider sa lalong madaling panahon na kinakailangan ng iyong kondisyon, pero hindi lalampas sa limang (5) araw ng negosyo mula nang matanggap ng county ang kahilingan.
 - Halimbawa, kung puwedeng seryosong malalagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang pinakamataas na paggana ang pagsunod sa karaniwang takdang panahon, dapat magmadal ang iyong lalawigan sa desisyon sa awtorisasyon at magbigay ng abiso batay sa takdang panahon na may kaugnayan sa iyong kalagayan sa kalusugan na hindi lalampas sa 72 oras pagkatapos matanggap ang kahilingan sa serbisyo. Puwedeng pahabain ng iyong county ang oras ng hanggang 14 na karagdagang araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ng county ang kahilingan kung humihiling ka ang iyong provider ng ekstensiyon o nagbibigay ang county ng katwiran kung bakit ang ekstensiyon ay para sa iyong kapakanan.

Sa parehong mga kaso, kung palawigin ng county ang timeline para sa kahilingan ng awtorisasyon ng provider, padadalhan ka ng county ng nakasulat na paunawa tungkol sa ekstensiyon. Kung hindi gumawa ng desisyon sa loob ng nakalistang mga timeline ang county o tinanggihan, antalahin, binabawasan, o winawakasan ang mga serbisyong hiniling, dapat magpadala sa iyo ang county ng Abiso sa Di-Pabor na Desisyon sa Benepisyo na nagsasabi sa iyo na tinanggihan, naantala, binawasan o winakasan ang mga serbisyo, ipinapaalam sa iyo na puwede kang maghain ng apela, at bigyan ka ng impormasyon kung paano maghain ng apela.

Puwede kang humingi sa lalawigan ng karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagpapahintulot nito.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng lalawigan sa proseso ng awtorisasyon, puwedei kang maghain ng apela. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang seksyong "Paglutas ng Problema" ng handbook na ito.

Ano ang Medikal na Pangangailangan?

Dapat medikal na kinakailangan at klinikal na naaangkop ang mga serbisyong natatanggap mo para matugunan ang iyong kondisyon. Para sa mga miyembrong 21 taong gulang at mas matanda, ang serbisyo ay medikal na kinakailangan kapag

makatwiran ito at kinakailangan para protektahan ang iyong buhay, maiwasan ang malubhang sakit o kapansanan, o mapabuti ang matinding pananakit.

Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, itinuturing na medikal na kinakailangan ang serbisyo kung ito ay nagwawasto, nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o pinapagaan ang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapahusay, o pinapagaan ang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali ay itinuturing na medikal na kinakailangan at saklaw bilang mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic, at Paggamot.

Paano Ako Makakakuha ng Iba Pang Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip na Hindi Saklaw ng County?

Kung naka-enroll ka sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga, mayroon kang access sa mga sumusunod na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng outpatient sa pamamagitan ng iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga:

- Pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang therapy ng indibidwal, grupo at pamilya.
- Pagsusuri sa sikolohikal at neuropsychological, kapag ipinahiwatig sa klinika para suriin ang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip.
- Mga serbisyo ng outpatient para sa layunin ng pagsubaybay sa mga inireresetang gamot.
- Pagkonsulta sa saykayatriko.

Para makakuha ng isa sa mga serbisyo sa itaas, direktang tawagan ang iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga. Kung hindi ka kasali sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga, puwede mong makuha ang mga serbisyong ito mula sa mga indibidwal na provider at klinika na tumatanggap ng Medi-Cal. Matutulungan ka ng county na makahanap ng provider o klinika.

Puwedeng magbigay ng mga reseta ang anumang parmasya na tumatanggap ng Medi-Cal para gamutin ang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Pakitandaan na ang karamihan sa mga de-resetang gamot na ibinibigay ng parmasya, na tinatawag na Medi-Cal Rx, ay saklaw sa ilalim ng programa na Fee-For-Service Medi-Cal, hindi ng iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga.

Anong Iba Pang Mga Serbisyo sa Karamdaman sa Paggamit ng Sangkap ang Makukuha mula sa Pinamamahalaang Plano ng Pangangalaga o sa Programa ng Medi-Cal na “Bayad para sa Serbisyo”?

Ang mga pinamamahalaang plano ng pangangalaga ay dapat magbigay ng mga saklaw na serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng sangkap sa mga setting ng pangunahing pangangalaga at pag-screen ng tabako, alkohol, at pinababawal na gamot. Dapat din nilang saklawin ang mga serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng sangkap para sa mga buntis na miyembro at pagsusuri sa paggamit ng alkohol at droga, pagtatasa, mga maikling interbensyon, at pag-refer sa naaangkop na setting ng paggamot para sa mga miyembrong edad 11 at mas matanda. Dapat magbigay o magsaayos ang mga pinamamahalaang plano ng pangangalaga ng mga serbisyo para sa Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksiyon (kilala rin bilang Paggamot na Tinulungan ng Gamot) na ibinibigay sa pangunahing pangangalaga, ospital ng inpatient, mga pang-emerhensiya, at iba pang kinontratang mga medikal na setting. Dapat ding magbigay ang mga pinamamahalaang plano ng pangangalaga ng mga serbisyong pang-emerhensiya na kinakailangan para patatagin ang miyembro, kabilang ang boluntaryong pag-detoxify ng inpatient.

Paano Ako Makakakuha ng Iba Pang Mga Serbisyo ng Medi-Cal (Pangunahing Pangangalaga/Medi-Cal)?

Kung kasali ka sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga, may pananagutan ang county sa paghahanap ng provider para sa iyo. Kung hindi ka naka-enroll sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga at may "regular" na Medi-Cal, na tinatawag ding Fee-For-Service Medi-Cal, puwede kang pumunta sa alinmang provider na tumatanggap ng Medi-Cal. Dapat mong sabihin sa iyong provider na mayroon kang Medi-Cal bago ka magsimulang kumuha ng mga serbisyo. Kung hindi, puwede kang singilin para sa mga serbisyong iyon. Puwede kang gumamit ng provider sa labas ng iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya.

Bakit Maaaring Kailanganin Ko ang Mga Serbisyo sa Ospital ng Psychiatric Inpatient?

Puwede kang ma-admit sa ospital kung mayroon kang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o mga senyales ng kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na hindi ligtas na magamot sa mas mababang antas ng pangangalaga, at dahil sa kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip o mga sintomas ng kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip, ikaw:

- Kumakatawan sa panganib sa iyong sarili, sa iba, o sa pag-aari.

- Hindi kayang pangalagaan ang iyong sarili gamit ang pagkain, damit, o tirahan.
- Nagpapakita ng matinding panganib sa iyong pisikal na kalusugan.
- Nagkaroonng kamakailang malubhang paghina ng kakayahang gumawa dulot ng kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip.
- Kailangan ng psychiatric evaluation, paggamot sa gamot, o iba pang paggamot na maaari lamang ibigay sa ospital.

PAGPILI NG PROVIDER

Paano Ako Makakahanap ng Provider Para sa Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali na Kailangan Ko?

Kinakailangan ng iyong county na mag-post ng kasalukuyang direktoryo ng provider online. Puwede mong mahanap ang link ng direktoryo ng provider sa seksyon ng Kontak ng County ng handbook na ito. Naglalaman ang direktoryo ng impormasyon tungkol sa kung saan matatagpuan ang mga provider, ang mga serbisyong ibinibigay nila, at iba pang impormasyon para matulungan kang i-access ang pangangalaga, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong pangkultura at wika na available mula sa mga provider.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kasalukuyang mga provider o gusto ng na-update na direktoryo ng provider, bisitahin ang website ng iyong county o gamitin ang numero ng telepono na matatagpuan sa pabalat ng handbook na ito. Puwede kang makakuha ng listahan ng mga provider sa pamamagitan ng pagsulat o sa pamamagitan ng koreo kung hihilingin mo ito.

Tandaan: Puwedeng maglagay ng ilang limitasyon ang lalawigan sa iyong pagpili ng mga provider. Kapag nagsimula kang makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, puwede kang humiling na bigyan ka ng iyong lalawigan ng paunang pagpipilian ng kahit dalawang provider. Dapat ding payagan ka ng iyong county na magpalit ng mga provider. Kung hihilingin mong palitan ang mga provider, dapat kang payagan ng lalawigan na pumili sa pagitan ng kahit dalawang provider kung maaari. May pananagutan ang iyong lalawigan sa pagtiyak na mayroon kang napapanahong access sa pangangalaga at may sapat na mga provider na malapit sa iyopara matiyak na makakakuha ka ng mga saklaw na serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali kung kailangan mo ang mga ito.

Minsan pinipili ng mga nakakontratang provider ng lalawigan na hindi na magbigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali dahil baka hindi na sila makipagkontrata sa county, o hindi na tumanggap ng Medi-Cal. Kapag nangyari ito, dapat gumawa ang county ng tapat na pagsisikap na magbigay ng nakasulat na paunawa sa bawat tao na tumatanggap ng mga serbisyo mula sa provider. Kinakailangan kang makatanggap ng paunawa 30 araw bago ang epektibong petsa ng pagwawakas o 15 araw pagkatapos malaman ng county na hihinto na ang provider. Kapag nangyari ito, dapat kang pahintulutan ng iyong county na magpatuloy sa pagtanggap ng mga serbisyo mula sa

provider na umalis sa lalawigan, kung sumang-ayon ka at ang provider. Tinatawag ito na "pagpapatuloy ng pangangalaga" at ipinaliwanag sa ibaba.

Tandaan: Ang mga indibidwal na American Indian at Native ng Alaska na karapat-dapat para sa Medi-Cal at naninirahan sa mga county na nag-opt in sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System, ay puwede ring tumanggap ng mga serbisyo ng Drug Medi-Cal Organized Delivery System sa pamamagitan ng Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Katutubong India na mayroong kinakailangang sertipikasyon ng Drug Medi-Cal.

Maaari ba akong Magpatuloy na Makatanggap ng Mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip Mula sa Aking Kasalukuyang Provider?

Kung nakakatanggap ka na ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip mula sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga, puwede kang magpatuloy na tumanggap ng pangangalaga mula sa provider na iyon kahit na nakatanggap ka ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip mula sa iyong provider ng kalusugan ng pag-iisip, hangga't magkaka-ugnay ang mga serbisyo ng mga provider at ang mga serbisyo ay hindi pareho.

Bilang karagdagan, kung nakakatanggap ka na ng mga serbisyo mula sa isa pang plano sa kalusugan ng pag-iisip, pinamamahalaang plano ng pangangalaga, o indibidwal na provider ng Medi-Cal, puwede kang humiling ng "pagpapatuloy ng pangangalaga" para manatili ka sa iyong kasalukuyang provider, hanggang sa 12 buwan. Maaaring gustuhin mong humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga kung kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang provider para ipagpatuloy ang iyong patuloy na paggamot o dahil magdudulot ito ng malubhang pinsala sa iyong kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip para lumipat sa bagong provider. Puwedeng mapagbigyan ang iyong kahilingan sa pagpapatuloy ng pangangalaga kung totoo ang sumusunod:

- Mayroon kang patuloy na kaugnayan sa provider na iyong hinihiling at nakita mo ang provider na iyon sa nakalipas na 12 buwan;
- Kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang tagapagkaloob para ipagpatuloy ang patuloy na paggamot para maiwasan ang malubhang pinsala sa kalusugan ng miyembro o mabawasan ang panganib ng pagkakaospital o institusyonalisasyon.
- Ang provider ay kwalipikado at nakakatugon sa mga kinakailangan ng Medi-Cal;
- Sumasang-ayon ang provider sa mga kinakailangan ng plano sa kalusugan ng pag-iisip para sa pagkontrata sa plano sa kalusugan ng pag-iisip at pagbabayad

para sa mga serbisyo; at

- Ang provider ay nagbabahagi ng mahalagang dokumentasyon sa county tungkol sa iyong pangangailangan sa mga serbisyo.

Puwede ko bang Ipagpatuloy ang Pagtanggap ng Mga Serbisyo sa Pag-abuso sa Sangkap mula sa Aking Kasalukuyang Provider?

Puwede kang humiling na panatilihin ang iyong provider na wala sa network sa loob ng yugto ng panahon kung:

- Mayroon kang patuloy na kaugnayan sa provider na iyong hinihiling at nakita mo na ang provider na iyon bago ang petsa ng iyong paglipat sa Drug Medi-Cal Organized Delivery System ng county.
- Kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang tagapagkaloob para ipagpatuloy ang patuloy na paggamot para maiwasan ang malubhang pinsala sa kalusugan ng miyembro o mabawasan ang panganib ng pagkakaospital o institusyonalisasyon.

**ANG IYONG KARAPATAN NA I-ACCESS ANG MGA REKORD NG KALUSUGAN
NG PAG-UGALI AT IMPORMASYON NG DIREKTORYO NG PROVIDER GAMIT ANG
MGA SMART DEVICE**

Maa-access mo ang iyong mga rekord ng kalusugan ng pag-uugali at/o maghanap ng provider gamit ang application na na-download sa computer, smart tablet, o mobile device. Ang impormasyong dapat pag-isipan bago pumili ng application para makakuha ng impormasyon sa ganitong paraan ay makikita sa website ng iyong lalawigan na nakalista sa seksyon ng Kontak ng County ng handbook na ito.

SAKLAW NG MGA SERBISYO

Kung natutugunan mo ang pamantayan para sa pag-access sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, ang mga sumusunod na serbisyo ay available sa iyo batay sa iyong pangangailangan. Makikipagtulungan sa iyo ang iyong provider para magpasya kung aling mga serbisyo ang pinakamabuti para sa iyo.

Mga Espesyalidad na Serbisyo sa Kalusugan sa Pag-iisip

Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip

- Ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ay indibidwal, grupo, o nakabatay sa pamilya na mga serbisyo sa paggamot na tumutulong sa mga taong may mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip para bumuo ng mga kasanayan sa pagharapsa pang-araw-araw na pamumuhay. Kasama rin sa mga serbisyong ito ang gawaing ginagawa ng provider para makatulong na gawing mas mahusay ang mga serbisyo para sa taong tumatanggap ng pangangalaga. Kasama sa mga ganitong uri ng mga bagay ang mga pagtatasa para makita kung kailangan mo ang serbisyo at kung epektibo ang serbisyo; pagpapalano ng paggamot para tukuyin ang mga layunin ng iyong paggamot sa kalusugan ng pag-iisip at ang mga partikular na serbisyong ibibigay; at ang “collateral”, na nangangahulugan ng pakikipagtulungan kasama ang mga miyembro ng pamilya at mahahalagang tao sa iyong buhay (kung magbibigay ka ng pahintulot) para matulungan kang mapabuti o mapanatili ang iyong mga kakayahan sa pang-araw-araw na pamumuhay.
- Puwedeng ibigay ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa klinika o opisina ng provider, sa iyong tahanan o iba pang setting ng komunidad, sa telepono, o sa pamamagitan ng telehealth (na kinabibilangan ng audio lang at mga pakikipag-ugnayan sa video). Ang county at provider ay makikipagtulungan sa iyo para matukoy ang dalas ng iyong mga serbisyo/appointment.

Mga Serbisyo sa Suporta sa Gamot

- Kasama sa mga serbisyong ito ang pagrereseta, pangangasiwa, pagbibigay, at pagsubaybay ng mga gamot sa saykayatriko. Puwede ring magbigay ng edukasyon sa gamot ang iyong provider. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ibigay sa klinika, opisina ng doktor, iyong tahanan, setting ng komunidad, sa telepono, o sa pamamagitan ng telehealth (na kinabibilangan ng audio lang at mgapakikipag-ugnayan sa video).

Target na Pamamahala ng Kaso

- Tumutulong sa mga miyembro ang serbisyong ito na makakuha ng medikal, pang-edukasyon, panlipunan, prebokasyonal, bokasyonal, rehabilitatibo, o iba pang mga serbisyong pangkomunidad kapag mahirap para sa mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na kunin nang mag-isa ang mga serbisyong ito. Kasama sa target na pamamahala ng kaso, ngunit hindi limitado sa:
 - Pag-unlad ng plano;
 - Komunikasyon, koordinasyon, at referral;
 - Pagsubaybay sa paghahatid ng serbisyo para matiyak ang pag-access ng tao sa serbisyo at ang sistema ng paghahatid ng serbisyo; at
 - Pagsubaybay sa pag-unlad ng tao.

Mga Serbisyong Interbensyon sa Krisis

- Available ang serbisyong ito para tugunan ang malubhang kondisyon na nangangailangan ng agarang atensyon. Ang layunin ng interbensyon sa krisis ay tulungan ang mga tao sa komunidad para hindi na nila kailangang pumunta sa ospital. Puwedeng tumagal ang interbensyon sa krisis ng hanggang walong oras at puwedeng ibigay sa klinika o opisina ng provider, o sa iyong tahanan o iba pang setting ng komunidad. Puwede ring gawin sa telepono o sa pamamagitan ng telehealth.

Mga Serbisyo sa Pag-stabilize ng Krisis

- Available ang serbisyong ito para tugunan ang malubhang kondisyon na nangangailangan ng agarang atensyon. Tumatagal ang pag-stabilize ng krisis ng wala pang 24 na oras at dapat ibigay sa lisensyadong 24-oras na pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, sa programang outpatient na nakabase sa ospital, o sa lugar ng provider na sertipikadong magbigay ng mga serbisyong ito.

Mga Serbisyo sa Pang-adultong Paggamot sa Tirahan

- Nagbibigay ang mga serbisyong ito ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip sa mga may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na naninirahan sa mga lisensyadong pasilidad ng tirahan. Tumutulong sila sa pagbuo ng mga kasanayan para sa mga tao at nagbibigay ng mga serbisyo sa paggamot sa tirahan para sa mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Available ang mga serbisyong ito 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Hindi

sinasaklaw ng Medi-Cal ang gastos sa kuwarto at board para sa pananatili sa mga pasilidad na ito.

Mga Serbisyo sa Krisis sa Paggamot sa Tirahan

- Nagbibigay ang mga serbisyong ito ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip at pagbuo ng kasanayan para sa mga taong may malubhang mental o emosyonal na krisis. Ito ay hindi para sa mga taong nangangailangan ng psychiatric na pangangalaga sa ospital. Available ang mga serbisyo sa mga lisensyadong pasilidad sa loob ng 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang gastos sa kwarto at board para sa mga pasilidad na ito.

Mga Serbisyong Masinsinang Paggamot sa Araw

Tandaan: Ang dalawang uri ng apela ay magkatulad; gayunpaman, may mga partikular na kinakailangan para maging kwalipikado para sa pinabilis na apela (tingnan sa ibaba para sa mga kinakailangan).

Tutulungan ka ng county sa pagkumpleto ng mga form at paggawa ng iba pang mga hakbang sa pamamaraan para maghain ng apela, kabilang ang paghahanda ng nakasulat na apela, pag-abiso sa iyo ng lokasyon ng form sa kanilang website o pagbibigay sa iyo ng form kapag hiniling mo. Dapat ding payuhan at tulungan ka ng county sa paghiling ng pagpapatuloy ng mga benepisyo sa panahon ng apela sa hindi paborableng desisyon sa benepisyo alinsunod sa mga pederal na regulasyon.

Ano ang Ginagawa ng Karaniwang Proseso ng Apela?

Ang Karaniwang Proseso ng Apela ay:

- Papahintulutan kang magsampa ng apela nang pasalita o nakasulat.
- Sisiguraduhin na ang paghahain ng apela ay hindi magiging sanhi ng pagkawala ng iyong mga karapatan o serbisyo o magiging sanhi ng anumang negatibong epekto sa iyong provider sa anumang paraan.
- Nagbibigay-daan sa iyo na pahintulutan ang ibang tao (kabilang ang provider o tagapagtaguyod) na kumilos para sa iyo. Pakitandaan: Kung pinahintulutan mo ang ibang tao na kumilos sa ngalan mo, puwedeng hilingin sa iyo ng county na pumirma sa form na nagpapahintulot sa county na maglabas ng impormasyon sa taong iyon.
- Ipagpatuloy ang iyong mga benepisyo kapag hiniling para sa apela sa loob ng itinakdang panahon. Pakitandaan: Ito ay 10 araw mula sa petsa na ipinadala o personal na ibinigay sa iyo ang iyong Pabatid ng Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo.
- Tiyaking hindi ka magbabayad para sa mga patuloy na serbisyo habang nakabinbin ang apela at kung ang pinal na desisyon ng apela ay pabor sa hindi

paborableng desisyon sa benepisyo ng county.

- Siguraduhing kwalipikado at hindi kasama sa anumang nakaraang antas ng pagrerepasoi o paggawa ng desisyon ang mga gumagawa ng desisyon para sa iyong apela.
- Papahintulutan ka o ang iyong kinatawan na suriin ang iyong file ng kaso, kabilang ang mga medikal na rekord at iba pang nauugnay na mga dokumento.
- Nagbibigay-daan sa iyo na magkaroon ng makatwirang pagkakataon na magpakita ng ebidensya, testimonya, at mga argumento nang personal o nakasulat.
- Papahintulutan ka, ang iyong inaprubahang tao, o ang legal na kinatawan ng ari-arian ng namatay na miyembro na maisama bilang mga partido sa apela.
- Bibigyan ka ng nakasulat na kumpirmasyon mula sa iyong county na nirerepaso ang iyong apela.
- Ipapaalam sa iyo ang iyong karapatang humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, kasunod ng pagkumpleto ng proseso ng apela.

Kailan Ako Puwedeng Maghain ng Apela?

Puwede kang maghain ng apela sa iyong county kapag:

- Nagpasiya ang county o ang kinontratang provider na hindi mo natutugunan ang mga pamantayan sa pag-access para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Inirerekomenda sa iyo ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali at humihiling ng pag-apruba mula sa iyong county, pero tinatanggihan ng lalawigan ang kahilingan o binabago ang uri o dalas ng serbisyo.
- Humihiling ang iyong provider ng pag-apruba mula sa county, pero nangangailangan ang county ng karagdagang impormasyon at hindi nakumpleto ang proseso ng pag-apruba sa tamang oras.
- Hindi nagbibigay ang iyong county ng mga serbisyo batay sa paunang natukoy na mga timeline nito.
- Pakiramdam mo hindi natutugunan ng county ang iyong mga pangangailangan sa tamang oras.
- Ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa oras.
- Ikaw at ang iyong provider ay hindi sumasang-ayon sa mga kinakailangang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

Paano Ako Maghahain ng Apela?

- Puwede kang maghain ng apela sa pamamagitan ng isa sa sumusunod na tatlong paraan:
 - Tawagan ang walang bayad na numero ng telepono ng iyong county na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Pagkatapos tumawag, kailangan mo ring maghain ng kasunod na nakasulat na apela; o
 - Ipadala sa koreo ang iyong apela (Magbibigay ang county ng mga naka-address sa sarili mong sobre sa lahat ng mga site ng provider para ipadala mo sa koreo ang iyong apela). Tandaan: Kung wala kang sobre na naka-address sa sarili mo, maaari mong ipadala ang iyong apela nang direkta sa address sa harap ng handbook na ito; o
 - Isumite ang iyong apela sa pamamagitan ng e-mail o fax. Sumangguni sa seksyong “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon.

Paano Ko Malalaman Kung Napagpasiyahan na ang Aking Apela?

Ikaw o ang iyong naaprubahang tao ay makakatanggap ng nakasulat na abiso mula sa iyong county ng desisyon sa iyong apela. Kasama sa abiso ang sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso ng paglutas ng apela.
- Ang petsa kung kailan ginawa ang desisyon ng apela.
- Kung ang apela ay hindi nalutas na pabor sa iyo, ang paunawa ay magbibigay ng impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa Makatarungang Pagdinig ng Estado at kung paano humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.

May Deadline ba para Maghain ng Apela?

Dapat kang maghain ng apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa sa Abiso ng Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo. Walang mga deadline para sa paghahain ng apela kapag hindi ka nakatanggap ng Abiso ng Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo, kaya maaari kang maghain ng ganitong uri ng apela anumang oras.

Kailan Gagawin ang Isang Desisyon Tungkol sa Aking Apela?

Dapat magpasya ang lalawigan sa iyong apela sa loob ng 30 araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang iyong kahilingan.

Paano Kung Hindi Ako Maghintay ng 30 Araw para sa Aking Desisyon sa Apela?

Kung natutugunan ng apela ang pamantayan para sa pinabilis na proseso ng apela, puwede itong makumpleto nang mas mabilis.

Ano ang Pinabilis na Apela?

Ang ipinabilis na apela ay sumusunod sa katulad na proseso sa karaniwang apela pero mas mabilis. Narito ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga pinabilis na apela:

- Dapat mong ipakita na ang paghihintay para sa karaniwang apela ay maaaring magpalala sa iyong kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali.
- Ang pinabilis na proseso ng apela ay sumusunod sa iba't ibang mga deadline kaysa sa karaniwang apela.
- Ang county ay may 72 oras para suriin ang mga pinabilis na apela.
- Puwede kang gumawa ng pasalitang kahilingan para sa pinabilis na apela.
- Hindi mo kailangang isulat ang iyong pinabilis na kahilingan sa apela.

Kailan Ako Puwedeng Maghain ng Pinabilis na Apela?

Kung ang paghihintay ng hanggang 30 araw para sa karaniwang desisyon sa apela ay magdudulot ng panganib sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili o mabawi ang pinakamataas na pagganap, puwede kang humiling ng pinabilis na paglutas ng apela.

Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Pinabilis na Apela:

- Kung natutugunan ng iyong apela ang mga kinakailangan para sa pinabilis na apela, lulutasin ito ng lalawigan sa loob ng 72 oras pagkatapos itong matanggap.
- Kung matukoy ng lalawigan na hindi nakakatugon ang iyong apela sa pamantayan para sa pinabilis na apela, kinakailangan nilang bigyan ka ng napapanahong pasalitang abiso at bibigyan ka ng nakasulat na paunawa sa loob ng dalawang araw sa kalendaryo, na nagpapaliwanag ng dahilan ng kanilang desisyon. Susundan ng iyong apela ang mga karaniwang timeframe ng apela na nakabalangkas sa mas maaga sa seksyong ito.
- Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng lalawigan na hindi nakakatugon ang iyong apela sa pamantayan para sa pinabilis na apela, puwede kang maghain ng karaingan.
- Pagkatapos malutas ng iyong lalawigan ang iyong kahilingan para sa pinabilis na apela, aabisuhan ka at ang lahat ng apektadong partido ng pasalita at nakasulat.

Mga Makatarungang Pagdinig ng Estado

Ano ang Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Ang Makatarungang Pagdinig ng Estado ay isang independiyenteng pagsusuri na isinasagawa ng administratibong hukom ng batas mula sa California Department of Social Services (CDSS) para matiyak na natatanggap mo ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na karapat-dapat sa iyo sa ilalim ng programang Medi-Cal. Pakibisita ang website ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California <https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests> para sa mga karagdagang mapagkukunan.

Ano ang Aking Mga Karapatan sa Makatarungang Pagdinig ng Estado?

May karapatan kang:

- Humiling ng pagdinig sa harap ng administratibong hukom ng batas, na kilala rin bilang Makatarungang Pagdinig ng Estado, para tugunan ang iyong kaso.
- Alamin kung paano humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Alamin ang tungkol sa mga regulasyon na nagdidikta kung paano gumagana ang representasyon sa panahon ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Hilingin na magpatuloy ang iyong mga benepisyo sa panahon ng proseso ng Makatarungang Pagdinig ng Estado kung humiling ka ng Makatarungang Pagdinig ng Estado sa loob ng mga kinakailangang takdang panahon.
- Hindi magbayad para sa mga patuloy na serbisyo habang nakabinbin ang Makatarungang Pagdinig ng Estado at kung ang pinal na desisyon ay pabor sa hindi paborableng Desisyon ng benepisyo ng lalawigan.

Kailan Ako Puwedeng Maghain para sa Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Puwede kang maghain para sa isang Makatarungang Pagdinig ng Estado kung:

- Naghain ka ng apela at nakatanggap ng liham ng resolusyon ng apela na nagsasabi sa iyo na tinanggihan ng iyong lalawigan ang iyong kahilingan sa apela.
- Ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa tamang panahon.

Paano Ako Hihiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Puwede kang humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado:

- Online: sa website ng Pamamahala ng Kaso ng Apela ng Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan: <https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do>
- Sa Pagsulat: Isumite ang iyong kahilingan sa departamento ng welfare ng county sa address na ipinapakita sa Abiso ng Hindi Paborableng Desisyon sa

Benepisyo, o ipadala ito sa:

Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California
Sangay ng Mga Pagdinig ng Estado
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
Sacramento, CA 94244-2430

- Sa pamamagitan ng Fax: 916-651-5210 o 916-651-2789

Puwede ka ring humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado o ipinabilis na Makatarungang Pandinig ng Estado:

- Sa pamamagitan ng telepono:
 - *Sangay ng Mga Pagdinig ng Estado*, toll-free, sa **1-800-743-8525** o **1-855-795-0634**.
 - *Pampublikong Pagtatanong at Tugon*, walang bayad, sa **1-800-952-5253** o TDD sa **1- 800-952-8349**.

May Takdang Panahon ba na Humingi ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Mayroon kang 120 araw mula sa petsa ng nakasulat na paunawa ng desisyon sa apela ng county para humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado. Kung hindi ka nakatanggap ng Abiso ng Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo, puwede kang maghain para sa Makatarungang Pagdinig ng Estado anumang oras.

Puwede Ko Bang Ipagpatuloy ang Mga Serbisyo Habang Naghihintay Ako ng Desisyon ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Oo, kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga awtorisadong serbisyo at gusto mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo habang hinihintay mo ang desisyon ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, dapat kang humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa na namarkahan o naihatid sa iyo ang paunawa ng desisyon sa apela. Bilang kahalili, mpuwede kang humiling ng pagdinig bago ang petsa na sinabi ng iyong lalawigan na ititigil o mababawasan ang mga serbisyo.

Tandaan:

- Kapag humihiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, dapat mong ipahiwatig na gusto mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo sa panahon ng proseso ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Kung hihilingin mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo at kinukumpirma ng pinal na desisyon ng Makatarungang Pagdinig ng Estado ang

pagbabawas o paghinto ng serbisyong natatanggap mo, hindi ka mananagot sa pagbabayad ng halaga ng mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang Makatarungang Pagdinig ng Estado.

Kailan Gagawin ang Desisyon Tungkol sa Aking Desisyon sa Makatarungang Pagdinig ng Estado?

Pagkatapos humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, puwedeng tumagal ng hanggang 90 araw bago makatanggap ng desisyon.

Puwede ba akong Makakuha ng Makatarungang Pagdinig ng Estado nang Mas Mabilis?

Kung sa tingin mo makakasama sa iyong kalusugan ang paghihintay ng ganoon katagal, puwede kang makakuha ng sagot sa loob ng tatlong araw ng trabaho. Puwede kang humiling ng Pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng alinman sa pagsulat ng liham nang sarili mo o paghiling sa iyong doktor o propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip na gumawa ng liham para sa iyo. Dapat kasama sa liham ang sumusunod na impormasyon:

1. Ipaliwanag nang detalyado kung paano puwedeng seryosong makaapekto sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang maximum na pagganap ang paghihintay ng hanggang 90 araw para mapagpasyahan ang iyong kaso.
2. Humingi ng "pinabilis na pagdinig" at ibigay ang sulat kasama ang iyong kahilingan para sa pagdinig.

Susuriin ng Sangang ng Mga Pagdinig ng Estado ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ang iyong kahilingan para sa pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado at tutukuyin kung nakakatugon ito sa pamantayan. Kung maaaprubahan ang iyong kahilingan, ang pagdinig ay maiiskedyul, at gagawin ang desisyonsa loob ng tatlong araw ng trabaho mula sa petsa na natanggap ng Sangay ng Mga Pagdinig ng Estado ang iyong kahilingan.

PAUNANG DIREKTIBA

Ano ang isang Paunang Direktiba?

May karapatan ka sa paunang direktiba. Ang paunang direktiba ay isang nakasulat na dokumento tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Maaaring naririnig mo kung minsan ang paunang direktiba na

inilarawan bilang huling will ng buhay o matibay na kapangyarihan ng abogado. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa kung paano mo gustong ibigay ang pangangalagang pangkalusugan o sinasabi kung anong mga desisyon ang gusto mong gawin, kung o kapag hindi mo magawang magsalita para sa iyong sarili. Maaaring kabilang dito ang mga bagay tulad ng karapatang tanggapin o tanggihan ang medikal na paggamot, operasyon, o gumawa ng iba pang mga pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan. Sa California, ang isang paunang direktiba ay binubuo ng dalawang bahagi:

- Ang iyong appointment ng isang ahente (isang tao) na gumagawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan; at
- Ang iyong indibidwal na mga tagubilin sa pangangalaga sa kalusugan.

Kinakailangang magkaroon ang iyong county ng programa para sa paunang direktiba. Kinakailangang magbigay ang iyong county ng nakasulat na impormasyon sa mga patakaran sa paunang direktiba at ipaliwanag ang batas ng estado kung hiningi ang impormasyon. Kung gusto mong hilingin ang impormasyon, dapat mong tawagan ang numero ng telepono sa pabalat ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Puwede kang makakuha ng form para sa paunang direktiba mula sa iyong county o sa online. Sa California, may karapatan kang magbigay ng mga paunang tagubilin sa direktiba sa lahat ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. May karapatan ka ring baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.

Kung mayroon kang tanong tungkol sa batas ng California tungkol sa mga kinakailangan sa paunang direktiba, puwede kang magpadala ng liham sa:

Kagawaran ng Katarungan ng California
Attn: Public Inquiry Unit
P. O. Box 944255
Sacramento, CA 94244-2550

MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD

Mga Pananagutan ng County

Ano ang Pananagutan ng aking County?

Pananagutan ng iyong lalawigan ang mga sumusunod:

- Pag-iisip kung natutugunan mo ang mga pamantayan para ma-access ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa lalawigan o sa network ng provider nito.
- Pagbibigay ng pagsusuri o pagtatasa para matukoy kung kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Ang pagbibigay ng toll-free na numero ng telepono na sinasagot 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, na makapagsasabi sa iyo kung paano makakuha ng mga serbisyo mula sa lalawigan. Nakalista ang numero ng telepono sa pabalat ng handbook na ito.
- Siguraduhing may sapat na mga provider ng kalusugan sa pag-uugali sa malapit para ma-access mo ang mga serbisyong saklaw ng iyong county kung kinakailangan.
- Pagbibigay-alam at pagtuturo sa iyo tungkol sa mga serbisyong makukuha mula sa iyong county.
- Ang pagbibigay ng mga serbisyo sa iyong wika nang walang bayad sa iyo, at kung kinakailangan, pagbibigay ng interpreter para sa iyo nang walang bayad.
- Pagbibigay sa iyo ng nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang magagamit mo sa ibang mga wika o mga alternatibong anyo tulad ng Braille o malalaking letra. Sumangguni sa seksyong “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon.
- Pagbibigay-alam sa iyo tungkol sa anumang mahahalagang pagbabago sa impormasyong binanggit sa handbook na ito nang hindi bababa sa 30 araw bago magkabisa ang mga pagbabago. Itinuturing na mahalaga ang ipagbabago kapag may pagtaas o pagbaba sa dami o uri ng mga serbisyong inaalok, kung may pagtaas o pagbaba sa bilang ng mga provider ng network, o kung may anumang pagbabago na makakaapekto sa mga benepisyong natatanggap mo mula sa county.
- Siguraduhing ikonekta ang iyong pangangalagang pangkalusugan sa anumang iba pang mga plano o sistema na maaaring kailanganin para matulungang

maayos na paglipat ng iyong pangangalaga. Kabilang dito ang pagtiyak na ang anumang mga referral para sa mga espesyalista o iba pang mga provider ay maayos na sinusundan at na handa kang alagaan ng bagong provider.

- Siguraduhin mong patuloy na makipagkita sa iyong kasalukuyang provider ng pangangalagang pangkalusugan, kahit na wala sila sa iyong network, sa tiyak na tagal ng panahon. Mahalaga ito kung ang paglipat ng mga provider ay makakasama sa iyong kalusugan o magtataas ng pagkakataon na kailanganing pumunta sa ospital.

Available ba ang Transportasyon?

Kung nahihirapan kang dumalo sa iyong mga appointment sa medikal o kalusugan ng pag-uugali, tumutulong ang programang Medi-Calsa pag-aayos ng transportasyon para sa iyo. Ang transportasyon ay dapat ibigay para sa mga miyembro ng Medi-Cal na hindi makapaglaan ng transportasyon sa kanilang sarili at may pangangailangang medikal upara makatanggap ng mga serbisyong sakop ng Medi-Cal. Mayroong dalawang uri ng transportasyon para sa mga appointment:

- Hindi Medikal: transportasyon sa pamamagitan ng pribado o pampublikong sasakyan para sa mga taong walang ibang paraan upara makarating sa kanilang appointment.
- Medikal na Hindi Pang-emergency: transportasyon sa pamamagitan ng ambulansya, wheelchair van, o litter van para sa mga hindi makagamit ng pampubliko o pribadong transportasyon.

Available ang transportasyon para sa mga biyahe patungo sa parmasya o para kunin ang mga kinakailangang kagamitang medikal, prosthetics, orthotics, at iba pang kagamitan.

Kung mayroon kang Medi-Cal pero hindi nakatala sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga, at kailangan mo ng hindi medikal na transportasyon patungo sa serbisyong nauugnay sa kalusugan, puwede kang makipag-ugnayan nang direkta sa provider ng hindi medikal na transportasyon o sa iyong provider para sa tulong. Kapag nakipag-ugnayan ka sa kumpanya ng transportasyon, hihingi sila ng impormasyon tungkol sa petsa at oras ng iyong appointment.

Kung kailangan mo ng transportasyon sa medikal na hindi pang-emergenc, puwedeng magreseta ang iyong provider ng transportasyon ng medikal na hindi pang-emergency

at makipag-ugnayan sa iyo saprovider ng transportasyon para i-coordinate ang iyong biyahe papunta at pabalik mula sa iyong (mga) appointment.

Para sa higit pang impormasyon at tulong tungkol sa transportasyon, makipag-ugnayan sa iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga.

Mga Karapatan ng Miyembro

Ano ang Aking Mga Karapatan bilang Tumatanggap ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali ng Medi-Cal?

Bilang miyembro ng Medi-Cal, may karapatan kang tumanggap ng mga serbisyon medikal na kinakailangan para sa kalusugan ng pag-uugali mula sa iyong county.

Kapag ina-access ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, mayroon kang karapatan na:

- Tratuhan nang may personal na paggalang at paggalang sa iyong dignidad at privacy.
- Kumuha ng malinaw at nauunawaang mga paliwanag ng mga magagamit na opsyon sa paggamot.
- Makilahok sa mga desisyon na nauugnay sa iyong pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali. Kabilang dito ang karapatang tanggihan ang anumang paggamot na hindi mo gustong matanggap.
- Kunin ang handbook na ito para malaman ang tungkol sa mga serbisyo ng county, mga obligasyon ng lalawigan, at ang iyong mga karapatan.
- Humingi ng kopya ng iyong mga medikal na rekord at humiling ng mga pagbabago, kung kinakailangan.
- Maging malaya sa anumang anyo ng pagpigil o pag-iisa na ipinataw bilang paraan ng pamimilit, disiplina, kaghinhawahan, o paghihiganti.
- Makatanggap ng napapanahong pag-access sa pangangalaga 24/7 para sa mga kondisyong pang-emergency, apurahan, o krisis kapag kinakailangan sa medikal.
- Kapag hiniling, tumanggap ng mga nakasulat na materyales sa mga alternatibong format tulad ng Braille, malalaking letra, at format ng audio sa napapanahong paraan.
- Tumanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa county na sumusunod sa kontrata ng estado nito para sa pagkakaroon, kapasidad, koordinasyon, saklaw, at awtorisasyon ng pangangalaga. Kinakailangan ng county na:

- Mag-empleyo o magkaroon ng nakasulat na mga kontrata sa sapat na mga provider para matiyak na ang lahat ng karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal na kwalipikado para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay makakatanggap nito sa tamang oras.
- Saklawin ang mga serbisyong medikal na kinakailangan sa labas ng network para sa iyo satamang oras, kung ang county ay walang empleyado o kontratang provider na puwedeng maghatid ng mga serbisyo.

Tandaan: Dapat tiyakin ng lalawigan na wala kang dagdag na babayaran para sa pagpapatingin sa provider na wala sa network. Tingnan sa ibaba para sa karagdagang impormasyon:

- *Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan para sa kalusugan ng pag-uugali* para sa mga indibidwal na 21 taong gulang o mas matanda ay mga serbisyong makatwiran at kinakailangan para protektahan ang buhay, para maiwasan ang malubhang sakit o makabuluhang kapansanan, o para maibsan ang matinding sakit. Ang mga serbisyong medikal na kinakailangang pangkalusugan para sa pag-uugali para sa mga indibidwal na wala pang 21 taong gulang ay mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o ginagawang mas matitiis ang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali.
- *Ang provider na wala sa network* ay provider na wala sa listahan ng mga provider ng county.
- Sa iyong kahilingan, magbigay ng pangalawang opinyon mula sa kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa loob o labas ng network nang walang karagdagang gastos.
- Siguraduhin na ang mga provider ng serbisyo ay sinanay na maghatid ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na sinasang-ayunang saklawin ng mga provider.
- Siguraduhin na ang mga saklaw na serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ng county ay sapat sa halaga, haba ng panahon, at saklaw para matugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembrong kwalipikado sa Medi-Cal. Kabilang dito ang pagtiyak na ang pamamaraan ng county para sa pag-apruba ng pagbabayad para sa mga serbisyo ay batay sa medikal na pangangailangan at na ang pamantayan sa pag-access ay ginagamit nang patas.
- Siguraduhing nagsasagawa ang mga provider nito ng masusing pagsusuri

- at nakikipagtulungan sa iyo para magtatag ng mga layunin sa paggamot.
- I-coordinate ang mga serbisyong ibinibigay nito sa mga serbisyong ibinibigay sa iyo sa pamamagitan ng pinamamahalaang plano ng pangangalaga o sa iyong provider ng pangunahing pangangalaga, kung kinakailangan.
- Makilahok sa mga pagsisikap ng estado na magbigay ng mga serbisyong may kakayahang pangkultura sa lahat, kabilang ang mga may limitadong kasanayan sa Ingles at magkakaibang kultura at etnikong pinagmulan.
- Ipahayag ang iyong mga karapatan nang walang nakakapinsalang pagbabago sa iyong paggamot.
- Tumanggap ng paggamot at mga serbisyo alinsunod sa iyong mga karapatang inilarawan sa handbook na ito at sa lahat ng naaangkop na batas ng pederal at estado tulad ng:
 - Titulo VI ng Batas ng Mga Karapatang Sibil ng 1964 na ipinatupad ng mga regulasyon sa 45 CFR bahagi 80.
 - Ang Batas sa Diskriminasyon sa Edad ng 1975 na ipinatupad ng mga regulasyon sa 45 CFR bahagi 91.
 - Ang Batas sa Rehabilitasyon ng 1973.
 - Titulo IX ng Mga Susog sa Edukasyon ng 1972 (tungkol sa mga programa at aktibidad sa edukasyon).
 - Mga Titulo II at III ng Batas sa mga Amerikanong may Kapansanan.
 - Seksyon 1557 ng Batas sa Proteksyon ng Pasyente at Abot-kayang Pangangalaga.
- Puwede kang magkaroon ng karagdagang mga karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado tungkol sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali. Para makipag-ugnayan sa Tagapagtaguyod ng Mga Karapatan ng Pasyente ng iyong county, makipag-ugnayan sa iyong county sa pamamagitan ng paggamit ng numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook.

Mga Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo

Ano ang Mga Karapatan Ko Kung Tinanggihan ng County ang Mga Serbisyong Gusto Ko o Sa Palagay Ko na Kailangan Ko?

Kung tinanggihan, nililimitahan, binabawasan, inaantala, o tinapos ng county ang serbisyo na sa tingin mo kailangan mo, may karapatan ka sa nakasulat na abiso mula sa county. Ang abiso na ito ay tinatawag na "Abiso sa Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo". May karapatan ka ring hindi sumang-ayon sa desisyon sa pamamagitan ng paghingi ng apela. Ipinapaalam sa iyo ng mga seksyon sa ibaba ang Abiso ng Hindi

Paborableng Desisyon sa Benepisyo at kung ano ang gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county.

Ano ang PHindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo?

Ang Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo ay tinutukoy ng alinman sa mga sumusunod na aksyon

kinuha ng county:

- Ang pagtanggi o limitadong awtorisasyon ng hiniling na serbisyo. Kabilang dito ang mga desisyon batay sa uri o antas ng serbisyo, medikal na pangangailangan, kaangkupan, setting, o bisa ng sakop na benepisyo;
- Ang pagbabawas, pagsususpende, o pagwawakas ng dating awtorisadong serbisyo;
- Ang pagtanggi, sa kabuuan o sa bahagi, ng pagbabayad para sa serbisyo;
- Ang kabiguang magbigay ng mga serbisyo sa isang napapanahong paraan;
- Ang kabiguang kumilos sa loob ng mga kinakailangang takdang panahon para sa karaniwang paglutas ng mga karaingan at apela. Ang mga kinakailangang timeframe ay ang mga sumusunod:
 - Kung maghain ka ng karaingan sa county at hindi ka mabigyan ng nakasulat na desisyon sa iyong karaingan sa loob ng 30 araw.
 - Kung maghain ka ng apela sa county at hindi ka mabigyan ng nakasulat na desisyon sa iyong apela sa loob ng 30 araw.
 - Kung nagsampa ka ng pinabilis na apela at hindi nakatanggap ng tugon sa loob ng 72 oras.
- Ang pagtanggi sa kahilingan ng miyembro na kwestyunin ang pananagutan sa pananalapi.

Ano ang Abiso sa Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo?

Ang Abiso sa Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo ay nakasulat na liham na ipapadala sa iyo ng iyong lalawigan kung magpasya itong tanggihan, limitahan, bawasan, antalahin, o wakasan ang mga serbisyong pinaniniwalaan mo at ng iyong provider na dapat mong makuha. Kabilang dito ang pagtanggi sa:

- Pagbabayad para sa serbisyo.
- Mga paghahabol para sa mga serbisyong hindi saklaw.
- Mga paghahabol para sa mga serbisyong hindi medikal na kinakailangan.
- Mga paghahabol para sa mga serbisyo mula sa maling sistema ng paghahatid.
- Kahilingan para kwestyunin ang pananagutan sa pananalapi.

Tandaan: Ginagamit din ang Abiso sa Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo para sabihin sa iyo kung ang iyong hinaing, apela, o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa oras, o kung hindi ka nakakuha ng mga serbisyo sa loob ng mga pamantayan ng timeline ng county para sa pagbibigay ng mga serbisyo.

Pagbibigay ng Abiso sa Tamang Panahon

Dapat ipadala ng county ang abiso:

- Sa miyembro, hindi bababa sa 10 araw bago ang petsa ng aksyon para sa pagwawakas, pagsususpende, o pagbabawas ng dating awtorisadong serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Sa miyembro, sa loob ng dalawang araw ng negosyo pagkatapos ng desisyon para sa pagtanggig sa pagbabayad o mga desisyon na nagreresulta sa pagtanggig, pagkaantala, o pagbabago ng lahat o bahagi ng hiniling na serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

Lagi ba Akong Makakakuha ng Abiso sa Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo Kapag Hindi Ko Nakuha ang Mga Serbisyong Gusto Ko?

Oo, dapat kang makatanggap ng Abiso sa Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo. Kung hindi ka makatanggap ng paunawa, puwede kang maghain ng apela sa county o kung nakumpleto mo na ang proseso ng apela, puwede kang humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado. Kapag nakipag-ugnayan ka sa iyong county, ipahiwatig na nakaranas ka ng hindi paborableng desisyon sa benepisyo pero hindi nakatanggap ng abiso. Ang impormasyon sa kung paano maghain ng apela o humiling ng makatarungang pagdinig ng estado ay kasama sa handbook na ito at dapat ding makuha sa opisina ng iyong provider.

Ano ang Sasabihin sa Akin ng Abiso sa Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo?

Sasabihin sa iyo ng Abiso sa Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo:

- Ang ginawa ng iyong clalawigan na nakakaapekto sa iyo at sa iyong kakayahang makakuha ng mga serbisyo.
- Ang petsa na magkakabisa ang desisyon at ang dahilan ng desisyon.
- Ang mga tuntunin ng estado o pederal na pinagbatayan ng desisyon.
- Ang iyong mga karapatan na maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county.
- Paano makatanggap ng mga kopya ng mga dokumento, rekord, at iba pang impormasyon na nauugnay sa desisyon ng county.

- Paano maghain ng apela sa county.
- Paano humiling ng makatarungang Pagdinig ng Estado kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon ng county sa iyong apela.
- Paano humiling ng pinabilis na apela o pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Paano makakuha ng tulong sa paghahain ng apela o paghiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Gaano katagal kailangan mong maghain ng apela o humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Ang iyong karapatan na patuloy na makatanggap ng mga serbisyo habang naghihintay ka para sa isang apela o desisyon ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, kung paano humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyong ito, at kung ang mga gastos ng mga serbisyong ito ay sasakupin ng Medi-Cal.
- Kapag kailangan mong ihain ang iyong apela o kahilingan sa Makatarungang Pagdinig ng Estado kung gusto mong magpatuloy ang mga serbisyo.

Ano ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakatanggap Ako ng Abiso sa Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo?

Kapag nakakuha ka ng Abiso sa Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo, dapat mong basahin nang mabuti ang lahat ng impormasyon sa abiso. Kung hindi mo naiintindihan ang abiso, matutulungan ka ng iyong lalawigan. Pwede ka ring humingi ng tulong sa ibang tao.

Puwede kang humiling ng pagpapatuloy ng serbisyo na hindi na ipinagpatuloy kapag nagsumite ka ng apela o kahilingan para sa Makatarungang Pagdinig ng Estado. Dapat mong hilingin ang pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi lalampas sa 10 araw sa kalendaryo pagkatapos ng petsa na namarkahan o naihatid sa iyo, o bago ang epektibong petsa ng pagbabago ang Abiso sa Hindi Paborableng Desisyon.

Mga Responsibilidad ng Miyembro

Ano ang aking mga responsibilidad bilang miyembro ng Medi-Cal?

Mahalagang maunawaan mo kung paano gumagana ang mga serbisyo ng county para makuha mo ang pangangalaga na kailangan mo. Mahalaga rin na:

- Dumalo sa iyong paggamot ayon sa naka-iskedyul. Magkakaroon ka ng pinakamabuting resulta kung makikipagtulungan ka sa iyong provider para bumuo ng mga tunguhin para sa iyong paggamot at sundin ang mga tunguhin

iyon. Kung kailangan mong kaligtaan ang appointment, tawagan ang iyong provider nang maaga na hindi bababa sa 24 na oras, at iiskedyul mulisa ibang araw at oras.

- Palaging dalhin ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) at photo ID kapag pupunta ka sa paggamot.
- Ipaalam sa iyong provider kung kailangan mo ng oral interpreter bago ang iyong appointment.
- Sabihin sa iyong provider ang lahat ng iyong medikal na alalahanin. Kapag mas kumpleto ang impormasyong ibinabahagi mo tungkol sa iyong mga pangangailangan, mas magiging matagumpay ang iyong paggamot.
- Siguraduhing itanong sa iyong provider ang anumang mga katanungan na mayroon ka. Napakahalaga na lubos mong maunawaan ang impormasyong natatanggap mo habang sumasailalim ka sa paggamot.
- Sundin ang mga nakaplanong hakbang sa pagkilos na napagkasunduan mo at ng iyong provider.
- Makipag-ugnayan sa lalawigan kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong mga serbisyo o kung mayroon kang anumang mga problema sa iyong provider na hindi mo kayang lutasin.
- Sabihin sa iyong provider at sa county kung mayroon kang anumang mga pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Kabilang dito ang iyong address, numero ng telepono, at anumang iba pang impormasyong medikal na puwedeng makaapekto sa iyong kakayahang lumahok sa paggamot.
- Tratuhan nang may paggalang at may magandang-loob ang mga tauhan na nagbibigay ng iyong paggamot.
- Kung pinaghihinalaan mo ang pandaraya o maling gawain, iulat ito:
 - Hinihiling ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan na ang sinumang naghihinala sa pandaraya, pag-aaksaya, o pang-aabuso sa Medi-Cal, tawagan ang DHCS Medi-Cal Fraud Hotline sa **1- 800-822-6222**. Kung sa tingin mo emergency ito, pakitawagan ang **911** para sa agarang tulong. Libre ang tawag, at mananatiling anonymous ang tumatawag.
 - Puwede ka ring mag-ulat ng pinaghihinalaang panloloko o pang-aabuso sa pamamagitan ng pag-email sa fraud@dhcs.ca.gov o gamitin ang online na form sa <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx>.

Kailangan Ko bang Magbayad Para sa Medi-Cal?

Karamihan sa mga tao sa Medi-Cal ay hindi kailangang magbayad ng anuman para sa mga serbisyong medikal o kalusugan ng pag-uugali. Sa ilang mga kaso, maaaring kailanganin mong magbayad para sa mga serbisyong medikal at/o kalusugan ng pag-uugali batay sa halaga ng pera na nakukuha o kinikita mo bawat buwan.

- If your income is less than Medi-Cal limits for your family size, you will not have to pay for medical or behavioral health services.
- Kung ang iyong kita ay higit pa sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, kailangan mong magbayad ng kaunting pera para sa iyong mga serbisyong medikal o pang-asal na kalusugan. Ang halagang babayaran mo ay tinatawag na iyong 'bahagi sa gastos'. Kapag nabayaran mo na ang iyong 'bahagi sa gastos,' babayaran ng Medi-Cal ang natitira sa iyong mga sakop na medikal na bayarin para sa buwang iyon. Sa mga buwan na wala kang gastusin sa pagpapagamot, wala kang kailangang bayaran.
- Maaaring kailanganin mong magbayad ng 'kabahagi sa pagbabayad' para sa anumang paggamot sa ilalim ng Medi-Cal. Nangangahulugan ito na magbabayad ka ng halaga mula sa sariling bulsa sa tuwing makakakuha ka ng serbisyong medikal o pumupunta sa emergency room ng ospital para sa iyong mga regular na serbisyo.
- Sasabihin sa iyo ng iyong provider kung kailangan mong gumawa ng kabahagi sa pagbabayad.

ABISO SA WALANG-DISKRIMINASYON

Labag sa batas ang diskriminasyon. Ang County ng Los Angeles ay sumusunod sa mga batas sa karapatang sibil ng Estado at Pederal. Ang County ng Los Angeles ay hindi nagdidiskrimina ng labag sa batas, nagbubukod ng mga tao, o hindi nagpapakita ng pagkakaiba sa pagtrato dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, impormasyon sa genetic, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal oryentasyon.

Ang County ng Los Angeles ay nagbibigay ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan para matulungan silang makipag-usap nang mas mahusay, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter ng wikang pansenyas

- Nakasulat na impormasyon sa iba pang mga format (malaking letra, braille, audio o naa-access na mga elektronikong format)
- Libreng serbisyo sa wika sa mga taong ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa ibang mga wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa lalawigan 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-854-7771. O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita ng maayos, pakitawagan ang (TTY: 711). Kapag hiniling, ang dokumentong ito ay magiging available sa iyo sa braille, malalaking letra, audio, o naa-access na mga elektronikong format.

PAANO MAGSASAMPA NG KARAINGAN

Kung naniniwala ka na nabigo ang County ng Los Angeles na ibigay ang mga serbisyong ito o nadiskrimina ng labag sa batas sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, impormasyon sa genetic, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o oryentasyong sekswal, puwede kang maghain ng karaingan sa County ng Los Angeles sa pamamagitan ng telepono, nakasulat, sa personal, o sa elektronikong paraan:

Departamento ng Kalusugan sa Pag-iisip

- Sa pamamagitan ng telepono: Makipag-ugnayan sa Opisina ng Mga Karapatan ng Mga Pasyente ng Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip ng County ng Los Angeles sa pagitan ng 8:30 am at 5:00 pm sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 700-9996 o (213) 738-4888. O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita ng maayos, pakitawagan ang (TTY: 711).
- Sa pagsulat: Punan ang form ng reklamo o sumulat ng lihamt at ipadala ito sa Opisina ng Mga Karapatan ng Mga Pasyente ng Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip ng County ng Los Angeles
510 South Vermont Avenue, 21st Floor, Los Angeles, CA 90020
- Sa personal: Bisitahin ang opisina ng iyong doktor o ang Departamento ng

Kalusugan ng Pag-iisip ng County ng Los Angeles sa 510 South Vermont Avenue, Los Angeles, CA 90020, at sabihin na gusto mong maghain ng karaingan.

- Elektronikong paraan: Bisitahin ang website ng Mga Karapatan ng Mga Pasyente ng Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip ng County ng Los Angeles sa <https://dmh.lacounty.gov/our-services/patients-rights/>

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan Pag-iwas at Pagkontrol sa Pag-abuso sa Sangkap

- Sa pamamagitan ng telepono: Makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan Pag-iwas at Pagkontrol sa Pag-abuso sa Sangkap ng County ng Los Angeles sa pagitan ng 8:00 am at 5:00 pm sa pamamagitan ng pagtawag sa (626) 299-4532 o (888) 742-7900, pindutin ang 2. O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita ng maayos, pakitawagan ang (TTY: 711).

- Sa pagsulat: Punan ang form ng reklamo o sumulat ng sliham at ipadala ito sa:

Pag-iwas at Pagkontrol sa Pag-abuso sa Sangkap, Sangay ng Mga Kontrata at Pagsunod 1000 South Fremont Avenue, Building A9 East, 3rd Floor, Box 34, Alhambra, California 91803

- Sa personal: Bisitahin ang opisina ng iyong doktor o Pag-iwas at Pagkontrol sa Pag-abuso sa Sangkap sa 1000 South Fremont Avenue, Building A9 East, Alhambra, California 91803, at sabihin na gusto mong maghain ng karaingan.
- Elektronikong paraan: Bisitahin ang website ng Pag-iwas at Pagkontrol sa Pag-abuso sa Sangkap, Mga Mapagkukunan ng Pasyente sa <http://ph.lacounty.gov/sapc/PatientPublic.htm>.

OPISINA NG MGA KARAPATANG SIBIL – DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYO NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA

Puwede ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Kagawaran ng Mga Serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan ng California, Opisina ng Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, nakasulat, o elektroniko:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig ng maayos, pakitawagan ang **711 (California State Relay)**.

- Sa pagsulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

**Kagawaran ng Mga Serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan
Opisina ng Mga Karapatang Sibil
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413**

Available ang mga form ng reklamo sa:

<https://www.dhcs.ca.gov/discrimination-grievance-procedures>

- Elektronikong paraan: Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

OPISINA NG MGA KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG KALUSUGAN AT MGA SERBISYONG PANTAO NG U.S.

Kung naniniwala kang nadiskrimina ka batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, puwede ka ring maghain ng reklamo sa karapatang sibil sa Kagawaran ng Kalusugan at Mga Serbisyon Pantao ng U.S., Opisina ng Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, sa pagsulat, o elektroniko:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig ng maayos, pakitawagan ang **TTY/TDD 1-800-537-7697**.

- Sa pagsulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

**Kagawaran ng Kalusugan at Mga Serbisyon Pantao ng U.S.
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201**

- Available ang mga form ng reklamo sa
<http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

- Elektronikong paraan: Bisitahin ang Portal ng Opisina para sa Reklamo ng Mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>